

# 100 People: A World Portrait

## Lesson Plan

www.100people.org

## 100 People: Isang Larawan ng Daigdig

Hindi madaling unawain ang mga katangian ng lahat ng tao sa daigdig. Maaari tayong gumamit ng statistics, pero higit na mahirap intindihin ang iba't-ibang aspekto ng buhay ng 6.7 bilyong tao. Bagamat tamang sabihin na imposibleng gawan ng makatotohanang pagsasalarawan ang karanasan ng lahat ng tao sa mundo, layon ng proyektong ito na pumili ng 100 tao na maaaring kumatawan sa iba't-ibang mukha ng ating populasyon. Ang payak na adhikaing ito—kung saan ang maliit na bilang ay kakatawan sa demograpiya ng karamihan—ay nagpapanukala ng epektibong paraan para lubusang maunawaan kung sino tayo. Inaasahan namin na magsisilbing tulay ang proyekto sa pagkakaroon ng isang panibagong pananaw sa mundo. Sino ang mga taong kasama natin sa pamayanan, sa lipunan, sa ating mga bayan, sa mga paaralan, sa bansa? Sa paanong paraan tayo nabibilang sa kabuuang ito?

Lilikumin ng proyekto sa pamamagitan ng mga pelikula, mga larawan, musika at iba pang akdang sining ang larawan ng 100 tao na kakatawan sa populasyon ng mundo, naayon sa mga paghahati-hati na naiintindihan natin sa pamamagitan ng mga survey at statistics. Ang larawang mabubuo ay gagamitin bilang pagpapakilala sa iba't ibang kulay at mukha ng ating lahi, na inaasahang maging tulay para maunawaan kung paano tayo natutulad sa isa't-isa sa kabila ng ating pagkakaiba.

Ang mga likhang malilikom ng 100 People Foundation ay gagamitin para gabayan, aliwin at buhayin ang diwa ng mga sasali para lubusan nilang matindihan ang mga paksang geography, kultura, wika, relihiyon, musika at likas yaman.

## 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

Inaanyayahan ang mga guro na gamitin ang 100 People: A World Portrait bilang gabay para sa kanilang mga klase. Ang adhikain ay simple lang: maging bahagi sa pagbuo ng larawan ng mundo sa pamamagitan ng paghikayat sa mga magaaral na bigyang halaga ang ating pamayanan gamit ang mga larawan at kanilang kakayahang sumulat, kung saan maaaring ilahad ang impormasyon tungkol sa bahagi niya ng mundo. Ang gagawin lamang nila ay pipiliin at gagawan ng pagsasalarawan ang taong nagbigay sa kanila ng inspirasyon—taong maituturing na mamamayan ng kanyang bansa.

Maaaring gumamit ng iba't ibang paraan para magawa ito. Maaaring pumili ang buong klase ng iisang tao, at ang bawat isang magaaral ay kukuha ng kanya-kanyang litrato na naayon sa interpretasyon nila sa kontribusyon ng taong ito. Maari ring pumili ng kanya-kanyang gagawan ng larawan ang bawat magaaral, gaya ng ginawa ng klase ni Jennifer Henbest de Calvillo sa International School of Yangon sa Myanmar. Pumili ang bawat isa sa klase ni Jennifer ng isang tao mula sa kanilang pamayanan para kunan ng larawan at sulatan ng maigsing akda. Si Kimberly Sajan naman ng Manhattan Center for Science and Mathematics ay naglunsad ng isang proyekto kung saan ang bawat magaaral sa klase niya ay pumili ng isang statistic na gagawan ng interpretasyong biswal. Ang klase ay makabubuo ng pagsasalarawan ng 61 Asyano, o 20 bata, o 17 taong nabubuhay ng walang tubig. Ang mga pagsasalarawan ay maaaring gawin sa anumang media—mga larawan, mga pagpipinta, mga drowing ng mga iskultura at iba pang uri ng multi-media.

# 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

## Paano Sisimulan

- Puntahan sa internet ang website ng 100 People Foundation at basahin ang mga detalye ng proyekto at makita ang mga nagawa na ng ibang guro. www.100people.org
- Pumili ng isang kapwa guro sa U.S. para maging partner (minumungkahing isang guro ng araling panlipunan o sining)
- Bumuo ng grupo ng mga magaaral ng makatatrabaho—maaaring isa o dalawang klase, lahat ng magaaral sa isang grade level o ang buong paaralan.
- Kung maaari ay pumili ng isang kalapit na “sister school” na maaaring maging kasama sa proyekto.
- Punan ang online registration form at gumawa ng isang page para sa inyong grupo sa pamamagitan ng pagpunta sa www.100people.org/getinvolved_participate.php
- Basahin ang Project Workbook, at pagkatapos nito ay handa na kayong magsimula!

## Project Workbook

Layon ng workbook na ito na gabayan ang mga guro at magaaral na magbigay ng kanilang mga nominasyon para sa world portrait, at magbigay ng mga mungkahi tungkol sa paggamit ng proyekto para turuan ang kanilang mga magaaral na maintindihan ang kanilang pagiging bahagi ng populasyon ng mundo. Kasama sa workbook ang mga sumusunod:

- Detayle ng Proyekto
- Mga Criteria sa Nominasyon
- Mga Hakbang Para sa Paggawa ng Nominasyon
- Pagbibigay ng Nominasyon
- Paggamit ng Website
- Ilang Paksang Maaaring Pagusapan
- Mga Sanggunian na Maaring Gamitin

# 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

## Ang Proyekto

Ang layunin ng proyekto ay bigyan ng pagkakataon ang mga magaaral na makihalubilo sa kanilang pamayanan para pumili ng isang taong inonominate.

Ang takdang gawain ay gumawa ng pagsasalarawan ng isang indibidwal na nakapagbigay ng inspirasyon sa magaaral—isang indibidwal na mamamayan sa bansang kanilang tinitirhan. Ang pagsasalarawan ay dapat magkaroon ng kalakip na akda na naglalaman ng mga sumusunod tungkol sa indibidwal: edad, kasarian, nationality, relihiyon, mga wikang alam, at isang paliwanag kung bakit nabigyang inspirasyon ng indibidwal ang magaaral.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, inaasahan naming mas lubusang maunawaan ang ating pagkatao sa pamamagitan ng pagsiyasat sa ating sulok ng daigdig. Ang mga likhang sining na malalakap ay magiging bahagi ng isang mahalaga at lumalaking testamento.

Ang mga international schools ay hinihikayat na makipagugnayan sa mga lokal na paaralan para sa kanilang mga nominasyon. Ang layunin ng paguugnayang ito ay pagyamanin ang pinagsamang pananaw na international at lokal. Sa pamamagitan ng ugayanang ito, inaasahang lalawak ang karanasan ng mga magaaral at lalalim ang relasyon sa kanilang komunidad.

## Criteria Para sa Nominasyon

Bukas ang nominasyon sa sino mang nasa pamayanan kung saan nakatira ang magaaral, nagbigay inspirasyon sa kanila, at nagpayaman sa kanilang mga buhay. Hindi madaling isalarawan ang 6.7 na populasyon ng mundo sa pamamagitan ng 100 tao lamang, dahil na rin sa lawig ng pagkakaiba ng iba't-ibang grupo ng tao. Dahil dito, hinihikayat namin ang mga nominasyon na magpapakita sa tugatog na kaya nating abutin, at hinihingi naming pumili ang mga magaaral ng mga taong mayroong nagawa para sa kanilang pamayanan, iyong may mga buhay o kuwentong maaaring magbigay ng inspirasyon, o iyong mga naging kapakipakinabang sa iba.

Ipapakita ang mga nominasyong matatanggap sa gallery section ng website na ito. Ang pinakahuling mabubuo ay pinagsamasamang larawan ng 100 taong mapipili galing sa lahat ng nominasyon, gamit ang statistical model na gumabay sa proyekto. Ang halaga ng produktong ito ay ang kakayahan nitong magbigay ng isang biswal na pananaw sa mundo, na mas payak at makahulugan sa mga bilang at istatistika.

# 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

## Pagaayos ng Nominasyon

Makipagusap sa magaaral tungkol sa pagsasalarawang gagawin. Kung nais na magbigay ng nominasyon sa pamamagitan ng website, maaaring digital photography ang pinakamadaling gamitin.

Ang pagsasalarawang ibibigay ay dapat lakipan ng isang akda na naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa paksa, gaya ng sumusunod: edad, kasarian, nationality, relihiyon, wika, at paliwanag sa mga katangian o nagawa ng inidibidwal. Para magawa ito, makipagusap sa paksa ng pagsasalarawan sa pamamagitan ng interview. Maaaring gamitin ang written questionnaire na nakalakip sa mga dokumentong kasama ng workbook na ito.

## Pagbibigay sa Nominasyon

Sa pamamagitan ng proyektong ito, magkakaroon ng pagkakataon ang mga magaaral na tignan ang kanilang trabaho ng may mas malawak na perspektibo. Bagamat lahat ng nominasyon ay tatanggapin, hinihikayat ang mga magaaral na tignan ang trabaho ng isa't-isa para pagusapan ang mga bagay na magpapaganda sa pagsasalarawan bago nila ibigay ang kanilang mga nominasyon.

Kapag handa na kayo para ibigay ang nominasyon, siguraduhing kumpleto ang mga sumusunod:

- Pangalan ng (mga) magaaral
- Digital na file ng larawan, pormat na JPEG, 300 DPI (lahat ng ibang file na hindi digital ang format ay dapat ipadala sa address na nakalista sa baba)
- Pangalan ng paksa, edad, relihiyon at tirahan
- Paliwanag kung bakit pinili ang paksang ito
- Mga detalyet tungkol sa uri ng pamayanan kung saan galing
- Image Release Form

Ang mga kumpletong nominasyon ay maaaring ipadala sa aming website: www.100people.org

O sa pamamagitan ng sulat sa address na ito:
Carolyn Jones
100 People Foundation
15 West 26th Street, #914
New York, NY, 10010
USA

Maaaring ipadala ang mga katanungan sa email sa address na ito:
info@100people.org

# 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

Mga Paksang Maaaring Pagusapan at Ilang Gawain:

TALAKAYAN: Ano ang ibig sabihin ng statistics at ano ang kaya nitong ipaalam sa atin?
Depinisyon ng Statistics: n. *A. The mathematics of the collection, organization, and interpretation of numerical data, especially the analysis of population characteristics by inference from sampling. B. Numerical data.*

Magsimula ng isang discussion sa klase tungkol sa mga paraan kung paano nakukuha ang mga statistics, at kung kanino nanggagaling ito. Maaaring tumulay ang usapan sa pagunawa kung paano ginagamit ang statistics para maintindihan ang mga pamayanan, at mga aspekto nito tulad ng pagkatao, iba't ibang interes at pangangailangan, komersyo at kultura.

Ang mga statistics na kalakip sa documents section ng workbook na ito ay maaring gamitin para tulungan ang mga magaaral sa pagsasalarawan nila ng kanilang pamayanan, at ihambing ito sa iba.

Ang paghihikayat sa mga magaaral na magbigay ng kanilang mga kuro-kuro tungkol sa sagot bago nila makita ang mga nakalistang sagot ay isang magandang paraan para tignan ang mga paniniwala tungkol sa lugar na tinitirhan natin, at simulan ang mga talakayan tungkol sa mga katangian ng mga bagay na kadalasang sa sukat lang natin kilala. Halimbawa, ano ang ibig sabihin ng malinis na tubig? Paano masasabi kung ligtas ang iyong tirahan? Ano ang mga idudulot sa iyo ng kawalan ng kakayahang magbasa? Ano ang implikasyon na kalahati ng populasyon ng mundo ay sa Asya lahat nakatira?

Sa huli, dapat pagusapan kung paano naipapakita ang mga isyung ito sa pagsasalarawan natin ng ating pamayanan? Kung maaaring makita ang buong mundo sa mukha ng 100 tao, maaari rin bang gamitin ang larawang ito para pagaralan ang mas maliliit na populasyon—isang grupo ng tao, isang baranggay, bayan o bansa?

Ilan pang mga paksang maaaring pagusapan at mga ideya para sa mga gawain:

## 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

TALAKAYAN:  Inspirasyon – anong ibig sabihin nito? Bakit mahalaga ito?

Definition of Inspiration *n .A. To affect, guide, or arouse by divine influence.   B. To fill with enlivening or exalting emotion: hymns that inspire the congregation; an artist who was inspired by Impressionism. C. To stimulate to action; motivate: a sales force that was inspired by the prospect of a bonus.  D. To affect or touch: The falling leaves inspired her with sadness.  E. To draw forth; elicit or arouse: a teacher who inspired admiration and respect.  F. To be the cause or source of; bring about: an invention that inspired many imitations.*

Bilang panimula, talakayin kung anong ibig sabihin ng inspirasyon at bakit ito mahalaga. Maraming pinagmumulan ang inspirasyon—isang lokal na artista, guro, atleta o pinuno sa pamahalaan.  Para sa maraming mga magaaral, maaaring maging inspirasyon ang isang kamag-anak o kapitbahay dahil sa kanilang halimbawa.

Tanungin:  Sino ang nagbibigay sa iyo ng inspirasyon?  Paano mo makikilala ang taong ito, kung hindi ka pa niya kilala?  Maaaring sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, pagsulat ng liham para ipakilala ang sarili o sa pakikipag-ugnayan sa kapwang kakilala ninyo.  Ang mga kamera at notebook ay parang pasaporte ng mga magaaral na puwedeng ipakita para hayaan silang makapunta kung saan-saan o makipag-usap kaninoman.

Gawain:  Tungkol sa Komunidad

Paano mo ilalarawan ang komunidad mo sa ibang tao?  Sa pagsisiyasat ng klase ninyo sa komunidad, maaaring pagtuunan ng pansin ng mga magaaral ang pagkakatulad ng komunidad sa iba, pati na rin ang kung anong pambihira sa kanilang komunidad.

Mga pagkakatulad, kagaya ng pagkain, pananamit, pamahalaan, industriya at transportasyon ay ilang mga usaping may kanya-kanyang pagkakaiba.

Ang palasak o pangkaraniwan para sa isang lugar ay maaaring pambira para sa iba. Halimbawa, nominado ng isang magaaral mula sa Shekou International School mula sa Tsina ang isang lalaking may tatlong mga anak. Sa patakaran ng pamahalaang Tsina, hinihimok nilang magkaroon ng isang anak lang ang bawat pamilya.  Mapapansin kung anong pambihira sa nominasyong ito dahil namumukod-tangi ang lalaking ito sa ibang mga pamilya sa komunidad niya. Sa ibang bahagi ng mundo, maaaring walang nakakaalam tungkol sa patakarang isang-anak-bawat-pamilya, at maaari itong pagmulan ng masiglang talakayan tungkol sa pagkakaiba-iba sa kultura at ekonomiya ng mga komunidad.

.

# 100 People: Isang Pandaigdigang Art Project

## Gawain:  Ang Pagkukwento

Salita ang ginagamit para makapagkwento, pero nakakapagkwento rin ang mga litrato. Naidodokumento ng litrato ang partikular na kaganapan, nahuhuli nito ang isang natatanging sandali, nakapagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa buhay ng isang takdang lugar o panahon, o nakapagdudulot ito ng pagkaunawa sa isang indibidwal o grupo ng mga tao.  Pumili ng isang litrato na tatalakayin sa klase.  Tanungin ang mga magaaral  kung anong maikukuwento nila sa pamamagitan ng pagtingin sa litrato, at sa pagbahagi ng obserbasyon, hinuha at mga tanong.

Maaaring talakayin ang mga sumusunod:

- Pinapuwesto ba ang kinunan ng litrato o nakaw na kuha ba ang litratong ito?
- Kailan kaya kinuha ang litrato? Paano mo nasabi yun?  Ano ang mga palatandaan?
- Paano mo mailalarawan ang kinunan ng litrato? Ano ang ginagawa o suot ng mga tao dito?
- Ano ang tagpo o kapaligiran nito? Anong nakikitang mga bagay?  Bakit kasama ang mga ito sa litrato, at anong impormasyon ang binibigay ng mga ito sa atin?
- Anong puwede mong ipamagat sa litratong ito? Bakit?
- Ano kaya ang kwento ng buhay niya na sinasalaysay sa litratong ito?

Subukan ninyong gamitin ang mga litrato mula sa *gallery* sa www.100people.org para magabayan ang mga magaaral sa paggawa ng mga litratong ipapadala nila para sa kanilang nominasyon.  Sa paggawa ng kanilang mga litrato, maari silang gabayan ng sumusunod na mga tanong:


- Paano mo ba ipinapahayag sa iba ang mga ideya mo?
- Paano mo hinuhuli ang inspirasyong nadarama mo at paano mo ito ipinapakita sa madla?
- Paano nagiging makabagbag-damdamin ang isang litrato ng tao?
- Paano makakatulong ang iba't ibang mga pamamaraang biswal at mga pamamaraan sa pagsusulat para maisalaysay mo ang iyong kwento?

## Mga dokumentong gagamitin:

*The Statistics /* Ang mga Istatistiko (blangko at may mga sagot na numero)
*Community Profile /* Tungkol sa Komunidad
*Subject Questionnaire /* Mga Dapat Sagutan
*Image Release Forms* / Pahintulot (para sa menor de edad at nakatatanda)

## Gawain: Pagsasalaysay ng Kuwento







# Kung ang mundo ay 100 tao:

Maaaring:
50 ay babae
50 ay lalaki

20 ay mga bata
80 ay matatanda
14 dito ay nasa edad 65 pataas

Maaaring:
61 ay Asyano
12 ay taga-Europa
13 ay Aprikano
14 ay mula sa Kanlurang bahagi ng daigdig

Maaaring:
31 ay Kristiyano
21 ay Muslim
14 ay Hindu
6 ay *Buddhist /* Budista
12 ay mga taong naniniwala sa ibang relihiyon
16 ay mga taong hindi nananalig sa anumang relihiyon

17 ay magsasalita ng wikang-Tsino
8 ay magsasalita ng Hindustani
8 ay magsasalita ng Ingles
7 ay magsasalita ng Kastila
4 ay magsasalita ng wikang-Arabo
4 ay magsalita ng wikang-Ruso
52 ay magsasalita ng iba pang mga wika

82 ay makakabasa at makakasulat; 18 ay hindi

1 ay makakapag-aral sa kolehiyo
1 ay may pag-aaring *computer*

75 ay may makakain at masisilungan laban sa hangin at ulan, pero
25 ay wala

1 ay mamamatay sa gutom
17 ay kulang sa sustansya
15 ay labis ang timbang

83 ay may mapagkukunan ng ligtas na tubig na maiinom
17 ay walang malinis, ligtas na tubig na maiinom

## Kung ang mundo ay may 100 tao:

Maaring:

___ ay babae
___ ay lalaki

___ ay mga bata
___ ay nakatatanda
___ ay nakatatandang nasa edad 65 pataas

___ ay Asyano
___ ay taga-Europa
___ ay Aprikano
___ ay tao mula sa Kanlurang bahagi ng daigdig

___ ay Kristiyano
___ ay Muslim
___ ay Hindu
___ ay Buddhist
___ ay naniniwala sa ibang relihiyon
___ ay taong hindi nananalig sa anumang relihiyon

___ay magsasalita ng wikang-Tsino
___ ay magsasalita ng Hindustani
___ ay magsasalita ng Ingles
___ ay magsasalita ng Kastila
___ ay magsasalita ng wikang-Arabo
___ ay magsalita ng wikang-Ruso
___ ay magsasalita ng iba pang mga wika

___ ay makakabasa at makakasulat
___ ay hindi makakabasa o makakasulat

___ ay makakapag-aral sa kolehiyo
___ ay may pag-aaring computer

___ ay may pagkain at masisilungan

___ ay mamamatay sa gutom
___ ay kulang sa sustansya
___ ay labis ang timbang

___ ay mga taong walang malinis at ligtas na tubig na maiinom

# 100 Tao: Larawan ng Mundo

TUNGKOL SA KOMUNIDAD

Saan ka nakatira?
Lungsod/ Estado/ Probinsya/ Bansa

*Time zone*
Longhitude/latitud

Anong klaseng mga damit ang sinusuot mo?

Anong tipo ng mga pagkain ang kinakain mo?

Anong uri ng pagkain ang tinatanim sa tinitirhan mo?

Anong mga relihiyon ang sinasampalatayaan ng komunidad ninyo?

Anong mga wika ang ginagamit sa komunidad ninyo?

Anong mga industriya ang nagpapabuhay sa lokal na ekonomiya ninyo?

Anong mga uri ng transportasyon ang ginagamit sa komunidad ninyo?

Ano ang nakagawiang istruktura ng pamilya sa komunidad ninyo?

Ano ang sistema ng edukasyon sa komunidad ninyo?

Anong salapi ang ginagamit ninyo?



# 100 People: A World Portrait

MGA DAPAT SAGUTAN

Pangalan:
_______________________________________________________________

Edad: _______ Kasarian: __________ Relihiyon:
______________________________

Tirahan (barangay/ lungsod/ estado/ bansa)
_____________________________________________________________________

Ilarawan kung paano ang taong ito ay naging kapaki-pakinabang sa kanilang komunidad, nakakuha ng paggalang, inspirasyon o nagpamalas ng pamumuno sa iba.
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
(Gamitin ang likod ng papel kung kailangan)

Mga tanong na maaaring sagutin o hindi:

Saan ka ipinanganak?
Anong klaseng pagkain ang kinakain mo?
Anong trabaho mo?
Anong iyong paraan ng transportasyon?
Paano mo ilalarawan ang pamilya mo?
Anong libangan mo?
Anong klaseng musika ang gusto mo?

Pangalan ng litratista ________________________________________________

# 100 People Foundation

15 West 26th Street, #914
New York, NY 10010 USA
(212) 252-8402


## PAHINTULOT

Ako, na nasa hustong gulang, sa pamamagitan ng instrumentong ito ay lubusang pumapayag na gamitin nang buo o bahagya ang aking pangalan, larawan at ibang anyong nagpapahiwatig sa aking sarili, na siyang makikita sa mga litrato, videotape at/o mga anyong elektroniko *(electronic images)* at/o sa mga *audio recording* kung saan maririnig ang aking boses at mga salita, sa anuman at lahat ng *media* ng 100 People Foundation sa anumang panahon at paraan na nais nito, nang libre at walang pag-aangkin sa pag-aari ng mga ito sa bahagi ko.

SAKSI SA NABANGGIT, SA ESTADO AT BANSANG ____________________

SA ARAW NG ________________________ SA TAONG ______________________

PANGALAN__________________________________________EDAD________________

LAGDA______________________________________________________________

TIRAHAN______________________________________________________________

LUNGSOD_____________________________________________________________

REHIYON________________________ZIP/POSTALCODE______________________

TELEPONO____________________________________________________________

EMAIL ADDRESS_________________________________________________________

100 People Foundation
15 West 26th Street, #914
New York, NY 10010 USA
(212) 252-8402

## *IMAGE RELEASE* / PAHINTULOT
## Para sa menor de edad

Ako, bilang Magulang/Tagapag-alaga/Katiwala ni ____________________, sa pamamagitan ng instrumentong ito ay lubusang pumapayag na gamitin nang buo o bahagya ang pangalan, larawan at ibang anyong nagpapahiwatig sa kanyang pagkatao, na siyang makikita sa mga litrato, videotape at/o mga anyong elektroniko *(electronic images)* at/o sa mga *audio recording* kung saan maririnig ang kanyang boses at mga salita, sa anuman at lahat ng *media* ng 100 People Foundation sa anumang oras at paraan na nais nito, nang libre at walang pag-aangkin sa pag-aari ng mga ito sa bahagi ko o ng alaga ko.

SAKSI SA NABANGGIT, SA ESTADO AT BANSANG ____________________________

SA ARAW NG _________________________ SA TAONG _________________________

PANGALAN NG ALAGANG MENOR DE EDAD
_________________________________________EDAD___________________________

PANGALAN NG MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA/KATIWALA

__________________________________________________________________________

LAGDA____________________________________________________________________

TIRAHAN__________________________________________________________________

LUNGSOD__________________________________________________________________

REHIYON___________________________ZIP/POSTALCODE______________________

TELEPONO_________________________________________________________________

EMAIL ADDRESS____________________________________________________________